# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 20, 2021, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA .

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad - sick |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President-sick |

OFFICE OF THE SANG... RELEASED NAME DATE 10-4-21 TIME ____ STA. CRUZ, LAG...

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 04 OCT 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 341- T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN, SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT BLG. 2 NA MAY KABUUANG HALAGANG P150,000.00 SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 93-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 115-T2021 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan ang Sangguniang Barangay ng Bagumbayan para sa Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 2 na may kabuuang halagang P150,000.00 sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 93-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 115-T2021 ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nabanggit na lupon pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**. Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, Santa Cruz, Laguna para sa Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 2 na may kabuuang halagang P150,000.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 93-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 115-T2021 ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 20, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
10-01-21